| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | Baitang: | 7 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | ARALING PANLIPUNAN |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | SEPTEMBER 9 - 13, 2024 (WEEK 7) | Markahan: | Unang Markahan |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mga mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng proyekto na nagpapaliwanag sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mga mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | 1. Nasusuri ang mga sinaunang kabihasnan sa Mainland Southeast Asia (Pangkontinente) at Insular Southeast Asia (Pangkapuluan)gaya ng:<br>Mainland:<br>a. Funan<br>b. Angkor (Khmer)<br>c. Pagan<br>d. Toungoo<br>e. Lê<br>f. Ayutthaya<br>Insular:<br>a. Srivijaya<br>b. Sailendra<br>c. Madjapahit<br>d. Malacca<br>2. Napahahalagahan ang mga naging kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan ng Timog Silangang Asya sa sinaunang kasaysayan at Lipunan.<br>3. Nakagagawa ng sanaysay tungkol sa naging paraan ng pamumuhay ng mga sinaunang kabihasnan. |

| | |
|---|---|
| **A. Nilalaman** | Mga Sinaunang Kabihasnan sa Timog Silangang Asya (Mainland o Pangkontinente at Insular o Pangkapuluan) |

| | |
|---|---|
| **B. Integrasyon** | ● Ugnayan ng tao at kapaligiran.<br>● Kultura, Pagkakakilanlan, at Pagkabansa<br>● 5K Pedagohiyang Pangkasaysayan (Kuwento, Konteksto, Katunayan, Katwiran, Kabuluhan)<br>● Mapanuring Kaisipan |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Blando et al., (2015). *ASYA: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba* Ikapitong Baitang. Department of Education- Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS) DepEd Complex, Pasig City.

Araling Asyano: Asya Tungo sa Pagkakakilanlan. Vibal (2015) p. 242-245


*Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan.* (2016). Department of Education, DepEd Complex, Pasig City.

*Matatag K to 10 Curriculum of the K to 12 Program, Araling Panlipunan Grades 4 and 7*. (2023). Department of Panlipunan. Rex Book Store.

Secretariat (DepEd-IMCS).

Pag-aaral ng mga Bansang Asyano (Yunit I at II), Aklat para sa Araling Panlipunan sa Ikalawang Taon, Unang Edisyon 2005


| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Gawain: Password**<br>Panuto:<br>a. Hatiin ang klase sa dalawang pangkat at maglalagay ng bangko sa harapan ng pisara na nakaharap sa klase.<br>b. Isulat ang salita sa pisara na may kaugnayan sa nakaraang aralin.<br>c. Isa sa kagrupo ang uupo sa bangko na siyang huhula kung ano ang nakasulat sa pisara ayon sa pagkakakilanlan o pagpapaliwanag ng isa sa kagrupo na hindi sinasabi kung ano ang nakasulat sa pisara. Kapag | Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na pumili at pag-uusapan sa kani-kanilang pangkat ang tagahula at ang tagapaglarawan.<br><br>Bigyan ng 1 minuto para ipahula ang salitang binibigyang-turing. |

| | | |
|---|---|---|
| | nahulaan ng nakaupo sa bangko ang salitang nakasulat sa pisara ay siyang magkakaroon ng puntos.<br><br>**Mga Huhulaan**<br>1. Austronesyano<br>2. Austronesian Migration Theory<br>3. Island Origin Hypothesis<br>4. Imperyong Maritama<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)**<br>Lagyan ng marka gamit ang emoticons ang kasanayang iyong natutuhan sa nakalipas na aralin:<br><br> Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.<br><br> Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.<br><br>Paghubog sa pagbuo ng kalinangan ng Pilipinas at Timog Silangang Asya. | Maaaring palitan ng guro ang mga salitang pahuhulaan.<br><br>**Halimbawa:**<br>Nusantao<br>Password: mga tao sa mga isla sa timog; gumamit ng mga tulay na lupa |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Panghikayat ng Gawain**<br>**Gawain 1: Lakbay-Aral**<br>Panuto: Idikit sa pader sa loob ng silid-aralan ang mga larawan ng ilang *heritage sites* sa Timog-Silangang Asya. Ang mga larawan na ito ay mayroong QR codes na kailangang i-scan ng cellphone na may katumbas na pangalan ng kaharian. Kailangang itala ng mga mag-aaral ang nai-scan nilang kaharian.<br><br>  <br>  | Maaaring gumamit pa ng mas maraming larawan na mas pamilyar ang mga mag-aaral.<br><br>Maaari ring isagawa ang gawaing ito kahit walang QR code at kahit walang internet connectivity, ihanda lamang ang mga larawan ipapakita. |

| Pamantayan | Natatangi (4) | Mahusay (3) | Katamtaman (2) | Nangangailangan ng ibayong pagsasanay (1) |
|---|---|---|---|---|
| **Kaangkupan** | Lubos na angkop ang temang ginamit sa output | May kaangkupan ang tema | Hindi masyadong angkop ang tema | Hindi angkop ang tema |
| **Mensahe** | Malinaw at tukoy ang mensahe sa output | Malinaw ang mensahe sa output | Hindi gaanong malinaw ang mensahe sa output | Hindi malinaw ang mensahe sa output |
| **Pokus** | Nakapokus sa paksa ang nilalaman | Nakapokus sa paksa ang karamihan ng nilalaman | Nakapokus sa paksa ang iilan sa nilalaman | Hindi nakapokus ang paksa sa nilalaman |

https://www.thailandblog.nl/tl/mga-lungsod/ayutthaya-lumang-kabisera-ng-siam/
https://history-maps.com/tl/story/History-of-Myanmar/event/Pagan-Kingdom
https://history-maps.com/tl/story/History-of-Thailand/event/Funan **Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang napansin ninyo sa istruktura ng bawat larawan?
2. Mayroon din bang ganitong istruktura sa Pilipinas?




**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**
**Gawain 2:IGUHIT MO, KABIHASNAN KO!**

Gumuhit ng poster upang ipakita ang pag-unawa ng mag-aaral sa salitang kabihasnan.

Gamitin ang rubrik na nasa ibaba sa pagmamarka.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**
**Gawain 3: COMPLETE ME!**

| | | |
|---|---|---|
| | **Panuto:** Punan ng mga letrang patinig ang kahon upang mabuo ang salita o konseptong may kinalaman sa paksang tatalakayin.<br><br>_ M P _ R Y _     M _ _ N L _ N D<br>K _ B _ H _ S N _ N     _ N S _ L _ R | **Mga Kasagutan:**<br>● Imperyo<br>● Kabihasnan<br>● Mainland<br>● Insular |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawang Araw**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: MGA SINAUNANG KABIHASNAN SA MAINLAND O PANGKONTINENTENG TIMOG SILANGANG ASYA**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Gawain 4: KINAROROONAN KO, TUKUYIN MO!**<br>Panuto: Ipakita sa mga mag-aaral ang mapa ng Timog-Silangang Asya at larawan ng kaharian o imperyo. Sa pamamagitan ng pulang yarn/sinulid at pin ay ididikit/ituturo kung saan makikita ang mga nasa larawan sa kasalukuyang panahon.<br><br><br><br><br> | **Mga pangangailangan:**<br>1. Mapang Politikal ng Timog Silangang Asya<br>2. Larawan ng mga sinaunang kaharian sa Pangkontinenteng Timog Silangang Asya<br><br>Maaaring hatiin sa mas maraming grupo depende sa bilang ng mga mag-aaral. |

https://www.khanacademy.org/humanities/art-asia/southeast-asia/beg-guide-southeast-asia/a/introduction-to-southeast-asia

Ang rehiyon ng **Timog-Silangang Asya** ay naging tahanan ng iba’t ibang pangkat ng taong may iba't ibang wika at kultura. Sa paglipas ng panahon, ang mga pinaghalo-halong lahi ng mga sinaunang tao at mga nandayuhan ay nagbunga ng iba’t ibang lahi na pinagmulan ng mga kasalukuyang tao sa rehiyon.




Kuha sa: https://www.facebook.com/photo/?fbid=106182104581068&set=pcb.106182291247716

Ilan sa mga sinaunang kabihasnan sa **Mainland Southeast Asia (Pangkontinente),** ay ang Funan, Angkor (Khmer), Pagan, Toungoo, Lê at Ayutthaya.
*(Dagdagan ang pananaliksik tungkol sa paksa)*

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**
**Gawain 5: GALLERY WALK**
Panuto: Hatiin ang klase sa tatlong grupo. Gamit ang mga larawan na may QR code, ibibigay ng guro ang mga sinaunang kabihasnan na kung saan pipili ng dalawa sa grupo na magiging tour guide na magpapaliwanag ukol sa kasaysayan nito.

Maaari pang magsaliksik ang guro ng iba pang mga impormasyon tungkol sa paksang tatalakayin.

Bago ang pangkatin, maging ang presentasyon ang mga mag-aaral ay bibigyan sila ng sapat na pagkakataon at oras upang magsaliksik tungkol sa sinaunang kabihasnan sa Mainland Southeast Asia.

Maaari ring isagawa ang gawaing ito kahit walang QR code at kahit walang internet

| | | |
|---|---|---|
| | **Unang Pangkat** – Funan at Angkor<br>**Ikalawang Pangkat** – Pagan at Toungoo<br>**Ikatlong Pangkat** – Le at Ayutthaya<br><br>Gamitin ang rubrik na nasa ibaba sa pagmamarka.<br><br>10 puntos – Malinaw na naipaliwanag ang kasaysayan ng sinaunang kabihasnan 7 puntos – Naipaliwanag ang kasaysayan ng sinaunang kabihasnan<br>4 puntos – Bahagyang naipaliwanag ang kasaysayan ng sinaunang kabihasnan<br><br>**Paglalapat at Pag-uugnay Gawain 6:**<br>**Sanaysay**<br>Gumawa ng isang maikling sanaysay gamit ang mga sumusunod na *prompt*: Mataas ang antas ng pamumuhay ng mga sinaunang Asyano sa Pangkontinenteng Timog Silangang Asya ay natatangi dahil:<br>______________________________<br>______________________________<br><br>Nangangahulugan lamang ito na:<br>______________________________<br>______________________________<br><br>Sa pangkalahatan:<br>______________________________<br>______________________________<br><br>**Ikatlong Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 2: MGA SINAUNANG KABIHASNAN SA INSULAR O PANGKAPULUANG TIMOG SILANGANG ASYA**<br><br>**1.Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Gawain 7: MATCH TAYO!** | connectivity, ihanda lamang ang paksang tatalakayin.<br><br>**Mga pangangailangan:**<br>1. Bandila ng bansang Indonesia at Malaysia<br>3. Larawan ng mga sinaunang kabihasnan sa Pangkapuluang Timog Silangang Asya |


Panuto: Ipakikita sa mag-aaral ang larawan ng mga kabihasnan sa Pangkapuluang Timog Silangang Asya at kinakailangan nila itong itapat sa *flag* ng mga bansa kung saan ito matatagpuan.













Sa pag-aaral ng kasaysayan ng Timog-Silangang Asya, ito ay madalas na itinuturing na resulta lamang ng mga dakilang sibilisasyon ng India at China.Dahilan ito ng matinding impluwensya ng sibilisasyong Indian at

Maaari pang magsaliksik ang guro ng iba pang mga impormasyon tungkol sa paksang tatalakayin.

Chinese sa kultura ng mga sinaunang lipunan sa Timog-Silangang Asya. Ito ang tinatawag na tradisyonal na pananaw. Sa makabagong pananaw, tinatanggap na sumailalim sa Indianisasyon at paglaganap ng impluwensiyang Chinese ang Timog-Silangang Asya. Ngunit sa kabila ng mga nasabing impluwensya, may sariling pagkakakilanlan ang Timog-Silangang Asya na tumanggap ng impluwensya sa labas subalit iniangkop at iniakma ito sa lokal na sitwasyon.

Sa bahaging ito ay tatalakayin ang ilan sa mga sinaunang kabihasnan sa **Insular Southeast Asia (Pangkapuluan)** ang Srivijaya, Sailendra, Madjapahit at Malacca.



**Ang Rebultong Ulo ni Gajah Mada**
Kuha sa: https://www.discoverwalks.com/blog/indonesia/top-10-sensational-facts-about-gajah-mada/

*(Dagdagan ang pananaliksik tungkol sa paksa)*

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Panuto: Hatiin ang klase sa dalawang grupo. Sa pamamagitan ng *data retrieval chart* ay ipakikita ng bawat grupo ang sinaunang lipunan at kultura, paraan ng pamumuhay at naging kontribusyon sa kasaysayan.

Bago ang pangkatin, maging ang presentasyon ang mga mag-aaral ay bibigyan sila ng sapat na pagkakataon at oras upang magsaliksik tungkol sa mga sinaunang kabihasnan sa **Insular Southeast Asia (Pangkapuluan)** ang Srivijaya, Sailendra, Madjapahit at Malacca.

**UNANG PANGKAT: SRIVIJAYA AT SAILENDRA**

| SINAUNANG KABIHASNAN | SINAUNANG LIPUNAN AT KULTURA | PARAAN NG PAMUMUHAY | KONTRIBUSYON |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |

**IKALAWANG PANGKAT: MADJAPAHIT AT MALACCA**

| SINAUNANG KABIHASNAN | SINAUNANG LIPUNAN AT KULTURA | PARAAN NG PAMUMUHAY | KONTRIBUSYON |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |

**Pamantayan sa Pagmamarka:**
Nilalaman: 5 puntos
Kaugnayan at Kaangkupan- 5 puntos
Kabuuang Presentasyon- 5 puntos Total-
15 puntos

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Panuto: Gumawa ng isang maikling sanaysay gamit ang mga sumusunod na *prompt*:

Ang mga sinaunang kabihasnan ng Pangkapuluang Timog Silangang Asya ay natatangi dahil:

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

Ibig sabihin lamang nito ay:

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

| | | |
|---|---|---|
| | Sa madaling salita:<br>__________________________________________<br>__________________________________________<br>__________________________________________ | Maaaring gumamit ng iba pang graphic organizer sa paglalahad ng paksang tatalakayin. |
| **D. Paglalahat** | **Ikaapat na Araw**<br>1. **Pabaong Pagkatuto**<br>**IYONG PAKATANDAAN NA:**<br>● Bago pa man maganap ang pagsakop ng mga kanluranin at ibang mananakop ay mayroon nang maituturing na kaalaman sa kabihasnan at pamumuhay ang mga taga-Timog Silangang Asya.<br>● Ang mga sinaunang kabihasnan sa Timog Silangang Asya (Pangkotinente) ay ang mga sumusunod: Funan, Angkor (Khmer), Pagan. Toungoo, Le at Ayutthaya samantalang sa Pangkapuluang Timog Silangan naman ay ang Srivijaya, Sailendra, Madjapahit at Malacca.<br><br>2. **Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Mag-aral is fun sa Aral Pan!**<br>Panuto: Mag-*thumbs up o thumbs down* sa mga kasanayang iyong natutuhan sa nakalipas na aralin:<br> Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.<br> Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin. | |

| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **1. Pagtataya** | **1. Pagsusulit** | Sagot: |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">Panuto: Suriin ang mga sumusunod na pahayag, Isulat ang ML kung mainland at IL kung insular nabibilang ang mga sumusunod na kabihasnan.<br><br>1. Funan at Le<br>2. Angkor (Khmer)<br>3. Sailendra<br>4. Ayutthaya<br>5. Malacca<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>1. Ano ang mga sinaunang kabihasnan ng Pilipinas?<br>2. Paano mo maiuugnay ito sa mga kabihasnan sa Timog Silangang Asya?<br>3. Bakit mahalaga na mayroon tayong kamalayan sa mga naging pamumuhay ng mga tao sa mga sinaunang kabihasnan?</td>
<td>1. ML<br>2. ML<br>3. IL<br>4. ML<br>5. IL</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">4. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5"></td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **5. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |